Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region III – Central Luzon
**SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTE CITY**
San Ignacio St., Poblacion, City of San Jose del Monte, Bulacan

DEPED-CSJDM
RECORDS UNIT
RELEASED
JUL 26 2018
IN
OUT 9:16

Hulyo 17, 2018

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 111 s. 2018**

Sa: Ka-tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansangay na Punong Tagapagpaganap
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Pampublikong Paaralang Sekundarya at Elementarya
Lahat ng Kinauukulan

**2018 BUWAN NG KASAYSAYAN**

1. Bilang pagtalima sa Batas Republika 10086 na nag-aatas palakasin ang pagmamahal sa bayan ng mamamayan gamit ang Kasaysayan, at Proklamasyon Blg. 339 na nagtatadhana sa buwan ng Agosto bilang Buwan ng Kasaysayan", ang Tanggapang ito ay magsasagawa ng mga gawaing nagtataguyod sa Kamalayang Pangkasaysayan ayon sa temang "Kasaysayan:Tuklasin, Mahalin, Palaganapin".

2. Itinatakda ang pagsasagawa ng mga gawain sa loob ng silid-paaralan sa oras ng pagtuturo ng Araling Panlipunan at Makataong Sining at Agham Panlipunan(MSAP/HUMSS) na lumilinang sa kaalaman, humuhubog sa damdaming makabayan tungo sa kamalayang nagbubunsod sa pagpapahalaga sa Kasaysayan at nagluluwal ng pagdalumat sa Kalayaan ng ating bayan.

3. Ang mga sumusunod na gawain ay iminumungkahing gawin at higitan pa upang lalong mapatampok ang pagpapahala sa Kasaysayan:

   a. Pagtalakay sa Lokal na Kasaysayan ng San Jose del Monte na nakakawing sa pandaigidigang pangyayari sa pananaw Asyano;
   b. Pagsulat, pagsipi at pagtipon ng kasaysayang pambarangay, pampaaralan at pampamilya;
   c. Pagsasagawa ng talakayan sa kasaysayan, baliktanaw, palitang kuro, palihan at mga kauri nito.
   d. Paglikha ng mga kagamitang panturo sa Kasaysayan;
   e. Pagsulat ng sanaysay, kwento ng kabayanihan, awit at tula;
   f. Paglikha ng dibuho, at pagguhit ng paskil;
   g. Pagbuo ng Museong Pampaaralan at Panulukang Pangkasaysayan.

4. Ang ulat sa mga gawaing matagumpay na naisakatuparan ng mga paaralan ay mangyaring ipaabot sa ating tanggagapan sa sulatroniko na evdm71@yahoo.com.ph sa unang linggo ng Setyembre.

5. Inaasahan ang masaklaw na pagpapalaganap ng Memorandum na ito

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay